Marinduque State University
College of Engineering
Department of Computer Engineering
Panfilo M. Manguera Sr. Rd., Tanza, Boac, Marinduque

Mga Titik na Gumuguhit,

Mga Kwentong may Tugmang Humihimig

Ang Unang Antolohiya ng Malikhaing Pagsusulat sa MarSU

Abril 11, 2025

8:45 AM – 3:00 PM

Marinduque State University

Marinduque State University
College of Engineering
Department of Computer Engineering
Panfilo M. Manguera Sr. Rd., Tanza, Boac, Marinduque

DAY 1 | 1st MarSU Creative Writing Workshop

Hayaan ang mga salita'y umagos at ang mga kwento'y magsimula!

Masigla at punô ng imahinasyon ang pagbubukas ng unang araw ng **1st MarSU Creative Writing Workshop**!

Pinangunahan ni **G. Genesis Historillo** ang paglalakbay sa malikhaing pagsusulat sa pamamagitan ng panayam na pinamagatang "*Mga Titik na Gumuguhit, Mga Kwentong may Tugmang Humihimig.*" Isang araw itong hitik sa tula, kwento, at malikhaing paglalang.

Itinanghal ang mga piling tula ng mga mag-aaral mula sa **BSCpE-3** sa ilalim ng paggabay ni **Dr. Randy Nobleza**. Sa kanilang mga likha, nasilayan hindi lamang ang husay sa larangan ng teknolohiya kundi pati ang lalim ng kanilang pagkamalikhain.

Narinig ang mga tinig, nabigyang-buhay ang mga ideya, at lumipad ang mga guniguni — lahat ng ito'y naganap sa loob ng makasining na dingding ng **MarSU LRC**.

TALAAAN NG NILALAMAN

Pamagat ng Tula	May-Akda
Ama	Kate Ferrer
Kaibigan	Christine Yara
Payong ng Kalikasan	Joanna Belarmino
Bulag ang Hari	Chocky
Tunay na Pagtingin	Itel
Pasabay	George Salva
Pag-ibig	Madelyn Rocha
Pakiramdam	Anonymous
Walang Boteng Nakatayo	Setyembre
Bituin	Jhanary Magdalita
Thesis	Mark Daniel Ponce

Ama

Ni: Kate Ferrer

Sobrang pasasalamat
Sa ama kong masipag.
Buhay man ay mahirap,
Di napagod sumabak.

Kaibigan

Ni: Christine Yara

Salamat, kaibigan,
Dahil ika'y nariyan.
Tuwing ika'y kailangan,
Ikaw ang siyang sandigan.

Payong ng Kalikasan

Ni: Joanna Belarmino

Sa kanyang pagdagundong,
Kasunod ang pagdulom.
Lahat ay sumisilong,
Ika'y nagsisilbing payong.

Bulag ang Hari

Ni: Chocky

Lupang sa dugo bili,
Boses naman ay bali.
Hirap ay di madali,
Laging bulag ang hari.

Tunay na Pagtingin

Ni: Itel

Maging ako'y hangal man,
Ikaw ang gustong pagmasdan.
Kahit pa na madarang,
Ikaw ay lalapitan.

Pasabay

Ni: George Salva

Kaibigan, salamat,
Kasama sa paglakad.
Mundo ko ay lumawak.
Di maingat, patawad.

Pag-ibig
Ni: Madelyn Rocha

Masakit mang isipin,
Paglisan ko'y tanggapin.
Ang pag-ibig mo sa 'kin,
Dapat mo nang limutin.

Pakiramdam
Ni: Unknown

Posible bang maparam
Lahat ng pakiramdam?
Ang hirap na bitawan,
Di handang magpaalam.

Walang Boteng Nakatayo
Ni: Setyembre

Mainit na umaga,
Ngunit hindi na kaya
Ang pagsabay sa basa—
Nagmumukhang kawawa.

Bituin

Ni: Jhanary Magdalita

Sa madilim at payak,
Dala mo ay liwanag.
Mundo ay kumikislap
Sa taglay mo'y nasinag.

Thesis

Ni: Mark Daniel Ponce

Ikaw ang siyang napili
Upang makamit ang mithi.
Ngunit di ka mawari—
Ika'y naging pighati.

Marinduque State University
College of Engineering
Department of Computer Engineering
Panfilo M. Manguera Sr. Rd., Tanza, Boac, Marinduque

Marinduque State University
College of Engineering
Department of Computer Engineering
Panfilo M. Manguera Sr. Rd., Tanza, Boac, Marinduque